

PARAAN SA PAGTANGGI SA MAPANGANIB O HINDI LIGTAS NA TRABAHO



Ikaw ba ay naatasang gumawa ng isang bagay sa iyong pinagtatrabahuhan na maaari ka o ang iyong katrabahong mapahamak o masaktan?

Kabilang dito ang panganib sa mga:



Kagamitan o Kasangkapan



Pamamaraan o Proseso



Kundisyon sa Lugar na Pinagtatrabahuhan



Karahasan, Panggugulo, Pantitrip o Pang-aapi



Karamihan sa mga manggagawa ay may karapatang TUMANGGI sa hindi ligtas na trabaho*...
*na hindi kabilang sa iyong pangkaraniwang gawain



...nang hindi napapahamak o naparurusahan.

Ang mga taong kasama sa proseso ay ang mga sumusunod:



May-ari ng Pagawaan o Iyong Pinagtatrabahuhan



Mga Katrabaho



IKAW



Iyong Kinatawan ng mga Manggagawa*



Tagasuri mula sa MLTSD†

Sumunod sa mga hakbang na ito:

1

Makipag-usap sa mga katrabaho. Ibahagi ang iyong pagkabahala at ang pagnanais na magpahayag ng iyong karapatan sa pagtanggì.

Tandaan... ang iyong mga katrabaho ay maari kang suportahan at tulungan upang mabigyang-pansin ang isyu.



Kausapin ang may-ari ng pagawaan o supervisor. Ipaliwanag kung bakit sa iyong palagay ang trabaho ay hindi ligtas na gawin.

2

"Nais kong ipahayag ang aking karapatan sa pagtanggì sa gawain dahil sa aking palagay, ito ay mapanganib sa akin o/at sa aking mga katrabaho."



Ang may-ari ng pagawaan ay dapat na mag-imbestiga.

3

Ito ay dapat nilang gawin nang ikaw ay kasama maging ang iyong kinatawan ng mga manggagawa*.



Ang may-ari ng pagawaan ay maaring piliing ayusin ang panganib o hazard...

4

...o pwede silang sumalungat sa iyo at sabihing walang peligro.

Kung ikaw ay nakatitiyak at may sapat na dahilang ito pa rin ay mapanganib, pwede mo uling ipahayag ang iyong karapatan sa pagtanggì sa mapanganib na trabaho.

5

Kapag ito ay iyong ginawa, **ikaw** o ang **iyong pinagtatrabahuhan** ay dapat na tumawag sa tagasuri mula sa gobyerno ng **Ministry of Labour, Training and Skills Development (MLTSD)**. Makipag-ugnayan lamang sa contact information sa ibaba.




Tagasuri mula sa MLTSD

Ang MLTSD ay magpapapunta ng tagasuri upang imbestigahan ang iyong (mga) pagkabahala o concern(s).

6

Matapos ang pag-imbestiga, ang tagasuri ay magbibigay ng kanilang hatol, sa pamamagitan ng pagsulat, ng walang pagkaantala sa:



Iyong Pinagtatrabahuhan

Iyo

Iyong Kinatawan ng mga Manggagawa†

Siguraduhing mayroon kang sariling kopya

Habang naghihintay sa hatol ng tagasuri:



Manatili sa **ligtas na lugar** na malayo sa panganib.

7

Magpresinta na gagawa ng **ibang trabaho** (na ikaw ay may kasanayan at may angkop na kakayahan) upang maipakita na ikaw ay may willingness na magtrabaho.



Paalala: Habang ikaw ay nandoon, maaring ipagawa sa iba ang iyong trabaho. Maari ring ipaalam sa kanila na ito ay iyong tinanggihan at ang kadahilanan kung bakit.



Kapag ang tagasuri ay SUMANG-AYON sa iyong pagkabahala o concern, ang may-ari ng pagawaan ay dapat na ayusin ang panganib sa itinakdang araw o deadline.

8

Kapag ang tagasuri ay SUMALUNGAT sa iyong pagkabahala, ikaw ay dapat na bumalik sa pagtatrabaho...



...o maaari kang **mag-apela*** sa hatol ng tagasuri ngunit kailangan mo munang bumalik sa trabaho hanggang sa iyon ay mapagdesisyunan.

*ang apela ay dapat na ihain sa Ontario Labour Relations Board sa loob ng tatlong (30) araw

9

Kung ikaw ay mag-aapela, iminumungkahi naming makipag-ugnayan sa Legal Aid Clinic. **Tingnan ang contact information sa ibaba.**

Tandaan...

Ang iyong pinagtatrabahuhan ay **HINDI** ka dapat parusahan sa kahit na anong paraan dahil sa iyong pagtanggì sa mapanganib na trabaho.



Ang iyong pinagtatrabahuhan ay dapat kang bayaran sa iyong oras at sa iyong kadalasang bayad o usual rate.

*Kinatawan ng mga Manggagawa: Manggagawang kinatawan sa kalusugan at kaligtasan, miyembro ng Lupon ng kalusugan at kaligtasan o taong pinili ng mga manggagawa.

Occupational Health Clinics for Ontario Workers Inc.
OHCO
on.ca
1-877-817-0336
ask@ohcow.on.ca

Local Legal Aid Clinic
Hanapin ang pinakamalapit sa iyong lugar:
1-800-668-8258*
www.legalaid.on.ca/legal-clinics/

Ministry of Labour, Training, Skills and Development (MLTSD)
Health and Safety Contact Centre
1-877-202-0008*
Pindutan ang numero 1 sa telepono para sa mga Pagtanggì sa Trabaho.
weboshs@ontario.ca

*Maaaring magtanong kung may taong nagsasalita ng iyong lenggwaha.